PANGALAN:______________________________

BAITANG AT SEKSYON:____________________

PANUTO: Piliin ang tititk ng tamang sagot.

1. Sa pagsusuri sa nilalaman ng Florante at Laura, alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng wastong pag- unawa sa kaligirang pangkasaysayan ng akda?
   A. Isa lamang itong kuwentong pag-ibig na walang kaugnayan sa kasaysayan.
   B. Isinulat ito upang aliwin ang mga mambabasa noong panahon ng Espanyol.
   C. Gumamit ito ng alegorya upang maipakita ang kalagayan ng lipunan sa ilalim ng kolonyalismo.
   D. Isinulat ito bilang tala lamang ng personal na karanasan ng may-akda sa Europa upang ipakita ang kanyang pinagdaanan.
5. Paano naipapakita sa akdang Florante at Laura ang ugnayan ng karanasan ng may-akda at ng kalagayang panlipunan noong panahon ng Espanyol?
   A. Sa pamamagitan ng tahasang pagtukoy sa mga opisyal ng pamahalaan.
   B. Sa paglalarawan ng mga karanasang sumasalamin sa pang-aapi at kawalan ng katarungan.
   C. Sa pagsasalaysay ng mga pangyayaring walang kaugnayan sa lipunan at puro katatawanan lamang.
   D. Sa pagbibigay-diin lamang sa pag-iibigan ng mga tauhan dahil ito ang importanteng mapalutang sa akda.
3. Batay sa mga pangyayaring inilalarawan sa Florante at Laura, alin sa sumusunod ang masasabing pangunahing layunin ni Balagtas sa pagsulat ng akda?
   A. Gumawa ng aklat-aralin para sa mga prayle.
   B. Ipahayag ang kanyang damdamin at karanasan.
   C. Magkwento ng masasayang pangyayari sa panahon ng Himagsikan.
   D. Magturo ng matematika sa kabataan upang matuto at magtagumpay.
4. Sa Florante at Laura, maraming pagsubok at pakikipagsapalaran ang dinanas ni Florante sa loob ng kagubatan, tulad ng pagtataksil, panganib, at kalungkutan. Alin sa sumusunod ang ipinahihiwatig ng mga karanasang ito sa konteksto ng akda?
   A. Wala silang malalim na kahulugan sa kabuoan ng kuwento.
   B. Ipinapakita lamang nito ang kagandahan, panganib, at misteryo ng kalikasan sa panahon ng sakuna.
   C. Sumisimbolo ang mga ito sa mga suliranin, moral na hamon, at kawalan ng katarungan na kinahaharap ng tao at lipunan.
   D. Patunay na mahina, walang kakayahan, at madaling matalo ang pangunahing tauhan sa anumang pagsubok sa buhay.
5. Sa pagsusuri ng karanasan ni Florante sa gubat, paano ipinapakita na ang kanyang pagdurusa ay hindi lamang pisikal kundi simbolo rin ng moral na pagsubok at katatagan ng loob?
   A. Dahil siya ay naiiwan sa digmaan.
   B. Dahil siya ay tinali at iniwan sa gubat.
   C. Dahil siya ay hindi mahal ng kanyang ama.
   D. Dahil siya ay natatakot sa mga hayop sa gubat.
6. Sa anong paraan makatutulong ang pagsusuri sa mga alegorya sa Florante at Laura upang mas maunawaan ang damdamin, desisyon, at aral na ipinapahayag ng mga tauhan?"
   A. Upang matukoy ang eksaktong lugar ng tagpuan.
   B. Upang malaman kung totoo ang mga tauhan sa kasaysayan.
   C. Upang makita kung paano naipahayag ang kritisismo sa lipunan sa paraang hindi tuwiran.
   D. Upang malaman ang haba ng pagkakasulat ng akda dahil mas Magandang basahin kapag ito ay mahaba.
7. Piliin sa mga pahayag ang naglalarawan ng kalagayang panlipunan na naipaliliwanag sa Florante at Laura bilang bahagi ng kaligirang pangkasaysayan?
   A. Pagkakapantay-pantay ng mga Pilipino at banyaga.
   B. Pang-aabuso at pagmamalupit ng mga makapangyarihan.
   C. Masaganang palitan ng kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Europa.
   D. Pag-unlad ng edukasyon at masaganang buhay sa panahon ng Amerikano.
8. Bakit pinili ni Balagtas na gumamit ng mga tauhan at tagpuang banyaga sa Florante at Laura upang mailahad ang mga suliraning panlipunan ng kanyang panahon?
   A. Madaling maunawaan ang mensahe.
   B. Naging maganda ang ugnayan sa bawat pangyayari sa akda.
   C. Naging kakaiba ang kuwento dahil sa kahusayan ng may akda.
   D. Naging paraan ito upang maitago ang tuwirang pagpuna sa mga makapangyarihan noong panahon ng Espanyol.
9. Alin sa mga pangyayari sa kwento ang malinaw na nagpapakita na ang katarungan at kapatawaran ay magkasabay na

LIVEWORKSHEETS

prinsipyo sa paghubog ng karakter ng mga tauhan?
   A. Pagbitay at pagpapalibing sa kanila.
   B. Nilabanan niya sila hanggang sa kamatayan.
   C. Inilaan niya ang kanyang sarili sa kapalaran.
   D. Pinatawad ni Florante ang kanyang mga kaaway.

10. Sa bahagi ng kwento kung saan ipinakita ang kabutihang loob ni Aladin, ano ang mahalagang aral na makukuha?
   A. Magpakatotoo sa lahat ng bagay.
   B. Ang pag-ibig ay dapat laging ipaglaban.
   C. Ang katapangan ay walang kaugnayan sa kabutihan.
   D. Ang tunay na kaibigan ay tumutulong sa oras ng pangangailangan.
11. Sa pag-aaral ng tunggalian nina Florante at Adolfo, paano naipapakita ang epekto ng katarungan o kawalan nito sa kapalaran ng mga tauhan?
   A. Pagkagalit ni Sultan-Ali Adab kay Aladin.
   B. Pinapakita na dapat laging manalo sa laban.
   C. Nagpapakita na ang kapangyarihan lamang ang mahalaga.
   D. Ipinapakita nito na mahalaga ang katarungan sa lahat ng aksyon.
12. Kung ikaw ay si Laura at nakita mo si Florante na nasa bingit ng panganib sa gubat, ano ang pinaka-angkop na hakbang na maaari mong gawin batay sa kanyang karakter?
   A. Hahayaan ko siya at iiwan.
   B. Iwan siya sa kanyang kapalaran.
   C. Tumulong kay Florante sa kabila ng panganib.
   D. Humingi ng tulong sa ibang tauhan upang iligtas siya.
13. Paano ipinapakita ng karanasan ni Florante sa gubat ang ugnayan ng kanyang tapang at pananampalataya?
   A. Sa pamamagitan ng pag-iyak.
   B. Nagtatakda lamang ito ng eksena sa kwento.
   C. Pinapakita lamang nito ang kanyang galit sa mga kaaway.
   D. Ipinapakita nito na sa kabila ng panganib, nananatili siyang matatag at nananalig sa Diyos.
14. Alin sa sumusunod ang pinakamahusay na nagpapaliwanag ng gamit ng pagbabalik-tanaw (in media res) sa Florante at Laura?
   A. Upang ipakita agad ang wakas ng pangyayari sa aralin.
   B. Upang pahabain lamang ang banghay at mga pangyayari sa akda.
   C. Upang simulan ang kuwento sa gitna ng pangyayari at unti-unting ipaliwanag ang nakaraan.
   D. Upang magpakilala ng mas maraming tauhan na gumagalaw sa obra-maestrang awit na likha ng makata.
15. Ipaliwanag ang kahalalagahan ng paggamit ng pahiwatig (foreshadowing) sa banghay ng Florante at Laura?
   A. Inaalis nito ang tunggalian sa kuwento.
   B. Ginagawa nitong mas maikli ang kuwento.
   C. Pinapalitan nito ang pangunahing tauhan.
   D. Nagbibigay ito ng nakatagong palatandaan tungkol sa maaaring mangyari sa hinaharap.
16. Sa tunggalian nina Florante at Adolfo, paano nakakaapekto ang motibasyon ni Adolfo sa pag-unlad ng kwento?
   A. Pagiging palakaibigan at matulungin niya.
   B. Nagbibigay ito ng simpleng dahilan ng kwento.
   C. Pinapakita lamang nito ang aksyon sa digmaan.
   D. Ang kanyang selos at paghahangad ng kapangyarihan ay nagbunsod ng mahahalagang pangyayari na humubog sa karakter ni Florante.
17. Suriin sa pamimilian kung paano nakatulong sa pag-unlad ng banghay ng Florante at Laura ang paggamit ng pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing)?
   A. Inalis nito ang tunggalian sa akda upang maging magaan.
   B. Ipinakita nito ang buong kuwento sa simula pa lamang.
   C. Nagbigay ito ng mga pahiwatig na naghahanda sa mambabasa sa mahahalagang susunod na pangyayari.
   D. Pinahinto nito ang daloy ng kuwento kaya nagiging magulo sa mambabasa at nagiging mahirap unawain.
18. Siyasatin sa talaan ang masusing pagsusuri sa epekto ng pagkakahanay ng mga pangyayari (parallelism at simultaneity) sa Florante at Laura?
   A. Nagpabagal lamang ito sa takbo ng kuwento.
   B. Nagpakita ito ng magkakahiwalay na pangyayaring walang kaugnayan sa isa't isa.
   C. Nagbigay-diin ito sa ugnayan ng mga pangyayari at nagpalalim sa pag-unawa sa karanasan ng mga tauhan.
   D. Nagpalabo ito sa mensahe at daloy ng mga pangyayari sa akda na nagpagulo sa mambabasa kaya hindi ito agad maunawaan.

LIVEWORKSHEETS

19. Kung ikaw ay nasa sitwasyon ni Florante na nakagapos sa gitna ng kagubatan, piliin sa talaan ang pinakamainam na gawin upang maipakita ang aral ng pagtitiis at pag-asa mula sa Florante at Laura?
    A. Manisi sa iba sa nangyari.
    B. Kalimutan ang lahat ng nangyari.
    C. Sumuko agad dahil wala nang pag-asa.
    D. Manatiling matatag at umasa na may darating na tutulong.
20. Isang kaibigan mo ang nakaranas ng pagtataksil ng taong pinagkatiwalaan niya. Batay sa mga aral ng Florante at Laura, paano mo ito maiuugnay sa tunay na buhay?
    A. Hikayatin siyang huwag magtiwala agad.
    B. Iwasan na lamang pag-usapan ang nangyari.
    C. Payuhan siyang maging maingat ngunit patuloy na maniwala sa kabutihan ng tao.
    D. Sabihin sa kanya na huwag na huwag nang muling magtiwala kaninuman upang hindi mabigong muli.
21. Paano masusuri ang kaugnayan ng karanasan ni Florante sa tunay na buhay ng tao pagdating sa usapin ng pagtitiwala?
    A. Ipinapakita nitong dapat iwasan ang pakikipagkaibigan.
    B. Ipinakikita nitong walang kinalaman ang karanasan ni Florante sa tunay na buhay.
    C. Ipinakikita nito na ang pagtitiwala sa minamahal ay hindi kailanman mahalaga sa buhay ng tao.
    D. Ipinahihiwatig nito na ang labis na pagtitiwala ay maaaring magdulot ng kapahamakan kaya kailangan ang pag-iingat.
22. Suriin ang pinakamainam na pagsusuri sa mensahe ng Florante at Laura tungkol sa pagmamahal batay sa karanasan ng tao?
    A. Ang pagmamahal ay dapat iwasan upang hindi masaktan.
    B. Ang pagmamahal ay laging nagdudulot ng kapahamakan sa isang tao.
    C. Ang tunay na pagmamahal ay nasusubok sa gitna ng pagsubok at nangangailangan ng katapatan at pagtitiis.
    D. Ang pagmamahal ay walang epekto sa paghubog ng pagkatao ng isang nilalang kung hindi naman siya nagpapakatotoo.
23. Nakatutulong ba ang makatang estilo ni Balagtas sa pagpapahayag ng mensahe ng akda, paano?
    A. Pinapahaba nito ang bawat saknong.
    B. Ginagawa nitong moderno ang kuwento.
    C. Pinapalalim nito ang emosyon ng mensahe.
    D. Ginagawa nitong mahirap intindihin ang tula.
24. Kung iuugnay ang talinghaga sa kasalukuyang panahon, alin sa sumusunod ang pinakaangkop na aplikasyon?
    A. Pagbabago ng pangalan ng tauhan.
    B. Paglalarawan gamit ang simbolismo.
    C. Pagkopya sa estilo ng ibang manunulat.
    D. Paggamit ng malalalim na salita lamang.
25. Sa pagsusuri ng linyang "Sa loob at labas ng bayan kong sawi," bakit ito maituturing na matinding pahayag laban sa lipunan?
    A. Dahil ito ay may tugma.
    B. Dahil ito ay literal na paglalarawan ng lugar.
    C. Dahil ipinapakita nitong laganap ang saan man.
    D. Dahil ito ay tumutukoy lamang sa isang tauhan.
26. Ang estilo ng Florante at Laura sa modernong spoken poetry kung susuriin ang elementong panglingguwistika ay naiiba, paano?
    A. Pareho silang may mahigpit na sukat at tugma.
    B. Pareho silang gumagamit ng matatalinghagang salita.
    C. Ang spoken poetry ay walang emosyon kumpara sa klasikong tula.
    D. Ang akda ni Balagtas ay may mahigpit na sukat at tugma, habang mas malaya ang spoken poetry sa porma.
27. Bakit mahalagang suriin nang magkakaugnay ang sukat, tugma, talinghaga, at estilo sa pag-unawa sa akda?
    A. Dahil kailangan ito sa pagsusulit.
    B. Dahil mas mahirap itong maintindihan.
    C. Dahil mas mahaba ang sagot kapag pinagsama.
    D. Dahil ito ang bumubuo sa masining at malalim na pagpapahayag ng mensahe.
28. Ang labanan sa pagitan ng mga Kristiyano at Moro ay isang halimbawa ng pagsusuri sa sosyo-kultural na konteksto. Ano ang ipinapakita nito?
    A. Ang kagandahan ng gubat.
    B. Ang damdamin ng may-akda lamang.
    C. Ang paggamit ng tugma at sukat sa tula.
    D. Ang impluwensya ng relihiyon, kapangyarihan, at tradisyon sa mga tauhan.

LIVEWORKSHEETS

29. Sa pagsusuri ng mahahalagang pangyayari sa teksto, paano nakatutulong ang kaalaman sa konteksto ng may-akda?
    A. Walang kaugnayan ang may-akda sa pangyayari sa teksto.
    B. Ang konteksto ng may-akda ay nagpapahaba lamang ng kuwento.
    C. Hindi mahalaga ang konteksto ng may-akda sa pag-unawa ng teksto.
    D. Ang konteksto ng buhay at karanasan ni Balagtas ay nakatutulong sa pag-unawa kung bakit niya isinulat ang akda sa paraan ng pagtalakay sa katiwalian at katarungan.
30. Ang pangyayaring pagkakulong ni Florante sa gubat ay mas maiintindihan kung isasaalang-alang ang konteksto ng panahon. Bakit?
    A. Dahil makikita rito ang epekto ng digmaan sa Albanya.
    B. Dahil ito ay nagtatapos sa pag-ibig nina Florante at Laura.
    C. Dahil ipinapakita nito ang personal na emosyon ni Florante.
    D. Dahil mas nagiging maganda ang tugma at sukat ng saknong.
31. Bakit mahalaga ang paghahambing ng dalawang awit?
    A. Para sabihing lahat ng awit ay magkapareho lang.
    B. Para patunayan na mas maganda ang isang akda kaysa sa iba.
    C. Para mas pagtuunan ng pansin ang Florante at Laura kumpara sa iba pang awit.
    D. Para makita ang pagkakatulad sa anyo at estruktura at ang pagkakaiba sa lalim ng mensahe at tema.
32. Tukuyin ang ipinahihiwatig ng pagkakatulad sa estruktura ng Florante at Laura at iba pang awit?
    A. Pareho silang walang malinaw na simula at wakas.
    B. Lahat ng akda noong panahon ng Espanyol ay pare-pareho ng paksa.
    C. Ang mga manunulat noon ay sumusunod sa isang tradisyunal na pormat ng pagsulat ng awit.
    D. Walang kalayaan ang mga manunulat sa pagpili ng temang isusulat sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol.
33. Kilalanin ang pangunahing pagkakatulad ng Florante at Laura at iba pang awit?
    A. Pareho lang tungkol sa pag-ibig.
    B. Parehong nilalapatan ng tunog at musika.
    C. Parehong may sukat at tugma at may kuwento.
    D. Parehong isinulat noong Panahon ng Espanyol.
34. Kung nakakita ka ng kaso ng bullying o pang-aapi sa paaralan, ano ang dapat gawin batay sa aral ng akda?
    A. Ipagwalang-bahala ang sitwasyon.
    B. Sabihin na kathang-isip lang ang akda.
    C. Manahimik at huwag ipahayag ang saloobin.
    D. Iugnay ang naramdaman ng tauhan sa sitwasyon at ipahayag ang sariling damdamin tungkol sa bullying.
35. Kung may kampanya sa paaralan tungkol sa environmental awareness, paano mo maipapakita ang pananaw batay sa aral ng akda?
    A. Huwag ipahayag ang saloobin.
    B. Sabihin na walang epekto ang aksyon natin.
    C. Sabihin na hindi konektado ang akda sa kalikasan.
    D. Iugnay ang tema ng pagtutulungan at katarungan sa akda sa responsibilidad natin sa ating kalikasan.
36. Paano mo maipapakita ang sariling saloobin sa isyung hindi pantay ang oportunidad sa trabaho o edukasyon gamit ang Florante at Laura?
    A. Ipagwalang-bahala ang akda.
    B. Sabihin na walang kinalaman ang akda sa problema.
    C. Sabihin na ang lipunan ngayon ay ganap na iba kaya walang koneksyon.
    D. Ihambing ang kawalan ng hustisya sa lipunan noon at ngayon at ipahayag ang sariling pananaw sa solusyon.
37. Sa isang ilustrasyon ng Florante at Laura, makikita si Florante na nakatali sa puno at madilim ang paligid. Ano ang ipinahihiwatig nito?
    A. Ganda B. Lungkot C. Saya D. Tagumpay
38. Si Adolfo ay iginuhit na may matalim na tingin, nakakunot ang noo, at nasa bahaging may anino. Ano ang ipinahihiwatig ng ganitong biswal?
    A. Siya ay mahiyain at walang lakas ng loob.
    B. Siya ay walang kinalaman sa suliranin ng kuwento.
    C. Siya ay sumisimbolo ng panganib at masamang balak.
    D. Siya ay mabuting kaibigan at mapagkakatiwalaang tauhan.
39. Magulo at pahilis ang mga linya sa paligid ng tauhan. Ano ang kahulugan nito?
    A. Kapayapaan B. Kasiyahan
    C. Katahimikan D. Tensyon
40. Sa eksena, may liwanag sa dulo ng gubat. Ano ang maaaring kahulugan nito sa biswal na pagsusuri?
    A. Panganib B. Kalungkutan

LIVEWORKSHEETS

B. Katapusan ng kuwento    D. Pag-asa at posibilidad ng pagbabago

41. Sa ilustrasyon, ang kadena sa kamay ni Florante ay nakatuon nang malinaw sa larawan. Ano ang mas tamang pagsusuri dito?
    A. Ipinapakita na masaya siya.
    B. Dekorasyon lang ang kadena.
    C. Ipinapakita ang kanyang kalayaan.
    D. Ipinapakita ang kanyang pagkakakulong at paghihirap.
42.Tukuyin ang maaaring ipahiwatig ng mababangis na hayop sa gubat?
    A. Mga tagapagligtas.
    B. Mga simbolo ng kapayapaan.
    C. Mga pagsubok at panganib sa buhay.
    D. Mga kaibigang tumutulong sa mga bida.
43. Ilahad ang ugnayan ng gubat na mapanglaw sa kalagayan ng mga tauhan sa akda?
    A. Lugar ito ng kasaganaan.
    B. Simbolo ito ng tagumpay.
    C. Masaya silang namumuhay doon.
    D. Sumasalamin ito sa kanilang paghihirap at pagsubok
44. Sa Spoken Word Poetry, anong elemento ang tumutukoy sa pagpili ng matatalinghagang salita upang maging marikit at madamdamin ang tula?
    A. Sukat    B. Tugma    C. Persona    D. Kariktan
45. Sa pagtataya ng isang piyesa, alin ang pinakamahalagang elemento upang masabing "marikit" ang isang Spoken Word Poetry?
    A. Haba ng tula.    B. Bilang ng pantig.
    C. lim ng mga salita.    D. Pagkakaroon ng tugma
46. Kung lilikha ka ng isang linya ng Spoken Word Poetry tungkol sa "pag-ibig na naglaho," alin sa mga talinghagang ito ang pinaka-angkop na itumbas sa iyong nararamdaman?
    A. Tuyong lupa.    B. Pusong bakal.
    C. Abo ng kahapon.    D. Matamis na ngiti.
47. Kung susuriin ang isang tula tungkol sa "Himagsik laban sa Masamang Kaugalian," alin ang pinakamahalagang mensahe upang maitampok ang tunay na kulturang Pilipino?
    A. Pagpili ng dangal at puri.
    B. Pagkopya sa gawi ng ibang bansa.
    C. Pagsunod sa uso at makabagong trend.
    D. Pagbabalewala sa payo ng mga magulang.
48. Kung bubuo ka ng tula para sa "Himagsik laban sa Hidwang Pananampalataya," aling kaisipan ang dapat mong itampok upang ipakita ang pagkakaisa ng mga Pilipino?
    A. Pag-aaway sa relihiyon.
    B. Pagpilit sa sariling turo.
    C. Pagyakap sa kapwa-tao.
    D. Paghihiwalay ng paniniwala.
49. Nais mong itampok sa iyong Spoken Word Poetry ang "Himagsik laban sa Masamang Kaugalian." Aling linya ang pinakamabisang isulat upang itaguyod ang panunumbalik ng dangal ng lahi?
    A. "Balikan ang gintong asal."
    B. "Iwanan ang mga lumang aral."
    C. "Sumusunod sa agos ng mundo."
    D. "Limutin ang ating pinagmulan."
50. Lilikha ka ng tula tungkol sa "Himagsik laban sa Masamang Kaugalian." Aling kaisipan ang dapat mong buuin upang maipakita ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino?
    A. Pag-una sa pansariling nais.    B. Paglimot sa tradisyon ng bayan.
    C. Pagsasabuhay ng tapat na loob.    D. Paggaya sa asal ng mga dayuhan.

LIVEWORKSHEETS